1

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Lingguhang Aralin sa *Good Manners and Right Conduct (GMRC)*

Kuwarter 2

Linggo 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Lingguhang Aralin sa GMRC1
Kuwarter 2: Linggo 2

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

Development Team

Writer:	Joyce F. Orillosa
Content Editor:	Melynda T. Andres and Joselita Gulapa
Illustrator:	Eric de Guia
Layout Artist:	Shirley O. Gliponeo

Management Team

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin	**Paaralan:**		**Baitang:**	**1**
	Pangalan ng Guro:		**Asignatura:**	**GMRC**
	Petsa at Oras ng Pagtuturo:		**Markahan at Linggo:**	**Ikalawang Markahan / Ikalawang Linggo**

	UNANG ARAW	**IKALAWANG ARAW**	**IKATLONG ARAW**	**IKAAPAT NA ARAW**
I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM				
A. Pamantayang Pangnilallaman	Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtulong sa mga gawain ng pamilya.			
B. Pamantayang Pagganap	Naisasagawa ng mag-aaral ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya na nagpapakita ng pagiging matulungin.			
C. Mga Kasanayang Pampagkatuto	Naipakikita ang pagiging matulungin sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ayon sa kakayahan a. Natutukoy ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan b. Naisasaalang-alang na ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto c. Nailalapat ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya na nagpapagaan ng mga gawain nito (hal. pagdidilig ng halaman, pagliligpit ng gamit sa silid, pagtutupi ng damit, pagliligpit ng hinigaan pagbantay sa mas nakababatang kapatid)			
D. Mga Layunin	Nakakikilala ng mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan	Natutukoy ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan	Nailalapat ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya na nagpapagaan ng mga gawain nito (hal. pagdidilig ng halaman, pagliligpit ng gamit sa silid, pagtutupi ng damit, pagliligpit ng hinigaan pagbantay sa mas nakababatang kapatid)	Naipakikita ang pagiging matulungin sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ayon sa kakayahan
	Natutukoy na ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto	Naipapahayag na ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto	Nailalarawan na ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto	Naisasaalang-alang na ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto
E. Integrasyon	**Matulungin (Helpful)**			
II. NILALAMAN/ PAKSA	**Pagtulong sa mga Gawain ng Pamilya sa Tahanan**			

III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
A. Mga Sanggunian	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide	MATATAG GMRC 1 Curriculum Guide
B. Iba pang Kagamitan	• Meta cards/strips • Awit	• Meta cards/strips • Awit • Tula	• Meta cards/strips • Kuwento	• Meta cards/strips • Awit
IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
Bago Ituro ang Aralin				
Panimulang Gawain	**1. Pagbati:** • Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat! • Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos) Awit: Bahay Kubo Bahay-kubo, kahit munti Ang halaman doon ay sari-sari Singkamas at talong Sigarilyas at mani Sitaw, bataw, patani Kundol, patola, upo't kalabasa At tsaka mayro'n pang	**1. Pagbati:** • Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ba kayo ngayong araw? • Bago natin simulan ang ating aralin, tayo ay umawit (Aawitin muna ng guro at pagkatapos ay susundan ng mga mag-aaral. Maaaring awitin nang may pagkilos) Awit: Magandang araw sa inyong lahat! Tayo ay magtulungan sa araw-araw! Sa tahanan tayo ay magwalis! Magwalis! Magwalis! Sa tahanan tayo ay magdilig! Magdilig! Magdilig! Tayo ay magtuungan sa araw-araw!	**1.Pagbati:** • Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat! Masaya ako sapagkat narito kayong lahat! **2. Balik-aral:** Sabihin: Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? Itanong ang sumusunod: • Paano ka tumutulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? • Bakit ka tumutulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? (Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.) Mahusay! **3. Pagganyak:** Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating	**1.Pagbati:** • Sabihin: Magandang araw sa inyong lahat! Ipakita ang inyong masasayang mukha! **2. Balik-aral:** Sabihin: Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? • Ano-ano ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? • Bakit mabuting tumulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? Ipaliwanag. • Paano mo mapapasaya ang iyong magulang ayon sa ating aralin? Ikuwento. (Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag-aaral na tutugon.)

	Labanos, mustasa Sibuyas, kamatis, bawang at luya Sa paligid-ligid ay puno ng linga **2. Pagganyak (motivation)** • Ipakita ang larawan ng mga batang tumutulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ● pagwawalis ng sahig ● pagpupunas ng gamit ● paghuhugas ng plato ● pagtatapon ng basura	**2. Balik-aral:** Sabihin sa mga mag-aaral: Natatandaan ba ninyo ang ating aralin kahapon? Ano ang natutuhan mo sa ating aralin kahapon? (Gawin ito ng pasalita. Tumawag ng ilang mga mag aaral na tutugon.) Mahusay kayo! Pumalakpak ng sampung beses. Isa! Dalawa! Tatlo! Apat! Lima! Anim! Pito! Walo! Siyam! Sampu! **3. Pagganyak** Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag usap sa katabi. • Makinig nang mahusay sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. Handa na ba kayo? Ipakita ang larawan sa Gawain 1 **Suriin Mo.** Itanong ang sumusunod: 1. Ano-ano mga ang paraan ng pagtulong sa	pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag usap sa katabi. • Makinig nang mahusay sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. Handa na ba kayo? Sabihin: Makinig nang mabuti sa situwasyon na aking babasahin. Ilahad ang sitwasyon. Galing ka mula sa paaralan. Masaya kang pumasok sa iyong silid. Nagulat ka sa nakita mong nakakalat ang mga laruan ng iyong nakababatang kapatid. Ano ang gagawin mo? (Tumawag ng mga mag-aaral para tumugon na nagpapakita ng pagiging matulungin.) Sabihing, magaling! Sabay sabay nating sabihin **“Ako ay matulungin!’**	Napakahusay ninyo! Palakpakan ang inyong sarili. **3. Pagganyak:** Bago natin ipagpatuloy ay alamin natin ang ating pamantayan upang matuto: • Umupo nang maayos. • Iwasan muna ang makipag usap sa katabi. • Makinig nang mahusay sa guro. • Kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. Handa na ba kayo? Sabihin: Makinig nang mabuti sa aking babasahin. Itaas ang kamay ninyo kung nagagawa mo ang mga gawain ng pamilya. Handa na ba kayo? ● pagwawalis ng sahig ● pagpupunas ng gamit ● paghuhugas ng plato Sabihing, matulungin! Sabay sabay nating itaas ang kamay at iwagayway.

	 ● paglalampaso ng sahig ● pagdidilig ng halaman ● pagliligpit ng higaan Sabihin sa mga mag-aaral: Ano-ano ang ginagawa ng bawat miyembro ng pamilya? Bago natin ipagpatuloy ay alamin muna natin ang ating pamantayan upang matuto: • umupo nang maayos, • iwasan muna ang makipag-usap sa katabi, • makinig nang	mga gawain ng pamilya sa tahanan ang nakikita mo sa unang larawan? ikalawang larawan? 2. Bakit mahalaga ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan?		

	mahusay sa guro, at • kung may nais sabihin ay itaas ang kanang kamay. Handa na ba kayo?			
Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin	Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin. Matulungin Sabihin sa mga mag aaral: Sa araw na ito, inaasahang makilala ninyo ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. (Ipakita ang mga halimbawa gamit ang meta cards at mga larawan) ● pagwawalis ng sahig ● pagpupunas ng mga gamit 	Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin. Matulungin Sabihin sa mga mag aaral: Sa araw na ito, inaasahang matutukoy ninyo ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. Ipakita ang mga halimbawa gamit ang meta cards at mga larawan: • pagdidilig ng halaman • pagliligpit ng gamit o laruan sa silid	Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin. Matulungin Sabihin sa mga mag aaral: Sa araw na ito, inaasahang mailalapat ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya na nagpapagaan ng mga gawain nito. Ipakita ang mga halimbawa gamit ang meta cards at mga larawan: • pagliligpit ng gamit o laruan sa silid  • pagdidilig ng halaman	Ipaskil sa pisara/board ang meta cards/strips na may nakasulat na matulungin. Matulungin Sabihin sa mga mag aaral: Sa araw na ito, inaasahang maipakikita mo ang pagiging matulungin sa pamamagitan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ayon sa kakayahan. Ipakita ang mga halimbawa gamit ang meta cards: ● pagwawalis ng sahig ● pagpupunas na gamit

	● paghuhugas ng plato ● pagtatapon ng basura sa tamang lagayan/lugar ● pagdidilig ng halaman ● pagliligpit ng higaan Inaasahang din na matutukoy ninyo ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto. Ipakita ang mga halimbawa gamit ang *meta strips*: • Nalilinang ang **pagiging matulungin** • Gumagaan at napadadali ang mga gawain sa loob ng tahanan	 • pagtutupi ng damit • pagliligpit ng hinigaan • pagbabantay sa mas nakababatang kapatid Inaasahang din na maipapahayag na ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto. Ipakita ang mga halimbawa gamit ang meta cards: • Nalilinang ang **pagiging matulungin** • Gumagaan at napadadali ang mga gawain sa loob ng tahanan • Nagiging masaya ang bawat miyembro ng pamilya	 • pagbabantay sa mas nakababatang kapatid • pagtutupi ng damit • pagliligpit ng hinigaan Inaasahang din na mailalarawan ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto. Ipakita ang mga halimbawa gamit ang meta cards: • Nalilinang ang **pagiging matulungin** • Gumagaan at napadadali ang mga gawain sa loob ng tahanan • Nagiging masaya ang bawat miyembro ng pamilya Sabihin, handa na ba kayo?	 ● paghuhugas ng plato ● pagtatapon ng basura ● paglalampaso ng sahig ● pagdidilig ng halaman ● pagliligpit ng higaan Inaasahang din na maisasaalang-alang na ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto

	• Nagiging masaya ang bawat miyembro ng pamilya Handa na ba kayo para sa ating masayang aralin?	Sabihin, handa na ba kayo?		Ipakita ang mga halimbawa gamit ang meta cards: • Nalilinang ang **pagiging matulungin** • Gumagaan at napadadali ang mga gawain sa loob ng tahanan • Nagiging masaya ang bawat miyembro ng pamilya Sabihin, handa na ba kayo?
Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin	Gamit ang mga meta cards/strips na may nakasulat ng mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan, basahin ang mga salita sa na may paggabay ng guro. • pagwawalis ng sahig ● pagpupunas ng gamit ● paghuhugas ng plato ● pagtatapon ng basura ● paglampaso ng sahig ● pagdidilig ng halaman ● pagliligpit ng higaan Itanong sa mga mag-aaral: 1. Ano-ano ang mga paraan ng pagtulong sa mga	Sabihin sa mga mag-aaral na makinig nang mabuti sa tula na iyong babasahin. **Ako ay matulungin!** Panuto: Basahin ang tula at punan ang patlang mula sa mga salita. matulungin pamilya araw-araw magwalis magpunas magtapon Ako ay batang _____. Ako ay tumutulong sa aking _____.	Ipakita ang mga meta cards na nakasulat at katambal na larawan: ● pagwawalis ng sahig ● pagpupunas ng gamit ● pagtatapon ng basura ● paglalampaso ng sahig ● pagdidilig ng halaman	Ipakita amg mga salita, basahin ang mga salita na may gabay ng guro. ● pag-walis ng sahig ● pagpunas ● pag tapon ng basura ● pag hugas ng sahig ● pag dilig ng halaman ● pag ligpit ng higaan ● pagtutupi ng damit ● pag pa kain sa alagang hayop ● pag *switch off* ng hindi ginagamit na de-kuryenteng kasangkapan ● pagbantay sa mas nakababatang kapatid Sabihin, mga bata paano kayo tumutulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? Tumawag ng mga mag-aaral at pakinggan ang kanila ng sagot.

	gawain ng pamilya sa tahanan? 2. Paano ka nakatutulong sa mga gawain ng iyong pamilya sa inyong tahanan? Ikuwento. Tumukoy ng mga mag-aaral at pakinggan ang kanila ng tugon at kuwento. Sabihin sa mga mag-aaral: *Nakikilala na ninyo ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan* *Mahusay kayo!*	Ako ay tumutulong _____. Ako ay marunong _____, _____, at _____ ng basura. Ako ay batang _____. Itanong: 1. Ano ang mensahe ng tula? 2. Ano ang naging damdamin mo habang pinapakinggan/ ang tula? (Maaaring uliting basahin/ bigkasin ang tula nang isahan, dalawahan at pangkatan) Mahusay kayong lahat! Palakpakan ng sampung beses ang inyong sarili at ang inyong kamag-aral!	 • pagliligpit ng higaan • pagtutupi ng damit • pagpapakain sa mga alagang hayop na ginagabayan ng nakatatanda Sabihin, mga bata ano sa mga salitang nakapaskil ang ginagawa mo bilang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? Tumawag ng mga mag-aaral at pakinggan ang kanilang sagot. Sabihin, mahusay kayo sapagkat kayo ay tumutulong sa	Sabihin, mahusay ikaw ay tumutulong sa mga wain ng pamilya sa tahanan!

			mga Gawain ng pamilay sa tahanan. Itanong sa mga mag-aaral, kapag ginagawa mo ang binanggit mong mga gawain, Paano ito nagpapagaan ng gawain ninyo sa tahanan? Tumawag ng mga mag-aaral at pakinggan ang kanilang sagot. Sabihin, tama! Kapag ginagawa ninyo ang mga gawain sa tahanan, gumagaan ang gawain sapagkat kayo ay nagtutulungan! Ating ulitin, **nagtutulungan**!	
Habang Itinuturo ang Aralin				
Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya	Sabihin sa mga mag-aaral: • Tingnan ang mga larawan Ano-ano ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? • Tayo ngayon ay maglalaro. Ang pamagat ng ating laro ay: **Kilalanin Mo!** Narito ang mga panuto na dapat sundin:	Ipakita sa mga mag-aaral ang sumusunod na mga larawan: • batang nagdidilig ng halaman • batang nagliligpit ng gamit o laruan sa silid • batang nagtutupi ng damit • batang nagliligpit ng hinigaan • batang nagbabantay sa mas nakababatang kapatid (Gabayan ang mga mag-aaral sa paggawa ng Gawain 2 na makikita sa LAS)	Sabihin, mga bata ako ay may ikukuwento sa inyo. Ang pamagat ng aking kuwento ay - 'Ang Tahanan ng mga Batang Matulungin' Handa na ba kayong makinig? Si Kara at si Mino ay magkapatid. Sila ay tumutulong sa gawaing bahay sa araw-araw. Bago kumain, tumutulong sila sa paghahanda ng hapag-kainan. Pagkatapos kumain, sila naman ay naghuhugas ng plato. Si Kara ang nagpupunas ng	Sabihin, mga bata tayo ay maglalaro! Ang pamagat ng ating laro ay **tukuyin mo!** Makinig nang mabuti sa ating gagawin. **Una,** Lahat ay tumayo. Babasahin ko ang isang gawain na nakakatulong sa tahanan. Makining ng mabuti. **Ikalawa**, kung ang aking sinabi ay nagagawa mo, ikaw ay pupunta sa harap at sasabihing – "Ako ay matulungin!", kung iba naman ang nagagagawa mong

	Una, Ipapakita ko ang larawan, kung ginagawa mo din ang nasa larawan ay pumunta agad sa harap ng klase. **Ikalawa**, ikuwento paano mo ginagawa ang nasa larawan. **Ikatlo**, kunin ang metacard na nakapaskil na nagsasaad ng sagot, ipakita sa klase at basahin. Malinaw ba ang panuto? Subukin natin. Magbigay ng halimbawa. Kung malinaw na, Ating gawin. Handa na ba kayo? Tumawag ng mga bata at sundin ang panuto.	Gawain 2 Bilugan Mo! Panuto: Bilugan ang letra ng mga larawang ng mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. Itanong ang sumusunod: 1. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? 2. Bakit tumutulong ang mga bata sa larawan sa mga Gawain ng pamilya sa tahanan? 3. Paano ka nakatutulong sa mga gawain ng iyong pamilya sa tahanan? Ikuwento Tumawag ng mga mag-aaral at ipahayag ang kanilang sagot sa klase. Mahusay!	mesa at si Mino ang nagwawalis ng sahig. Bago matulog, tinutupi nila ang mga damit na bagong laba. Pagkagising nila sa umaga tinutupi nila ang kanilang kumot at inaayos ang hinigaan. Bago pumasok sa paaralan ay pinapakain ni Mino ang kanilang aso. Nagdidilig naman si Kara ng mga halaman. Kaya naman, kapag sisimulang maglinis ng kanilang nanay, ay malinis na ang silid. Kapag magdidilig naman si tatay, nagugulat din siya na nadiligan na ang mga halaman. Nagpapasalamat ang nanay at tatay nina Kara at Mino dahil gumagaan ang kanilang gawain sa tahanan. Kaugnay nito ay masayang- masaya din ang mga magulang nina Kara at Mino dahil naipakita nila ang pagiging matulungin. Itanong ang sumusunod: 1. Paano ipinakita nina Kara at Mino ang pagiging matulungin? 2. Bakit nagpasalamat at masayang-masaya ang kanilang mga magulang? 3. Kung ikaw ang mga bata sa kuwento, gagayahin mo din ba ang kanilang pagtulong? Bakit?	pagtulong sa tahanan ikaw ay manatili sa iyong puwesto. **Ikatlo**, ang mga mag-aaral sa harapan ay sisigaw ng “Kaya Ko”, pagkatapos ay bumalik na sa puwesto. Ang mga mag-aaral na nanatili sa kanilang puwesto ay sisigaw ng “Kakayanin ko!” Malinaw ba ang ating panuto? Subukin natin. Magbigay ng halimbawa. Kung malinaw na, Ating gawin. Handa na ba kayo? Basahin: 1.Ako ay nagwawalis ng sahig sa aming tahanan. 2. Ako ay nagpupunas ng mesa. 3. Ako ay nagtutupi ng damit. Mahusay kayo! Ating sabihing, **kaya kong tumulong!**

	Mahusay!			
Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya	Sabihin sa mga mag-aaral: Tayo ay may gawain. Panuto: Pumalakpak ng tatlong beses kung ang nakikita ninyong kilos ko/ o larawan ay pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan at kung hindi naman ay manatiling tahimik. *Malinaw ba ang panuto?* Kung malinaw na, ating gawin. Handa na ba kayo? *Mga kilos/ larawan na ipakita sa mga mag-aaral:* • pag-walis ng sahig • pagpunas ng gamit • pag hugas ng plato • pag tapon ng basura • pag lampaso ng sahig • pag dilig ng halaman • pag ligpit ng higaan (Hikayating maging masaya,	Sabihin sa mga mag-aaral: Humanap ng isang kaklase bilang kapartner at sabihin ang isang paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. Tumawag ng mga mag-aaral upang magbahagi ng sa klase. Mahusay!	Sabihin sa mga mag-aaral: Tayo ay guguhit base sa kwento na ating napakinggan. Panuto: Makinig sa aking sasabihin bago iguhit ang sagot sa kuwaderno. Gumamit ng lapis lamang. 1.Ano ang hinuhugasan ng magkapatid pagkatapos kumain? Iguhit ang iyong sagot. 2.Ano ang ginagamit ng magkapatid para maging malinis ang sahig. Iguhit ang sagot. 3.Sino ang pinapakain nila bago pumasok sa paaralan? Iguhit ang sagot. 4.Nagpapabigat ba sa gawain ng pamilya ang pagtulong sa gawain o nakapagpapagaan? Isulat ang salitang “magaan” kung nagpapagaan o “mabigat” kung hindi nagpapagaan Tumawag ng mga mag-aaral at ipakita ang kanilang igunuhit sa klase. Mahusay!	Sabihin sa mga mag-aaral, nagustuhan ba ninyo ang ating laro? Magpapatuloy tayo sa ating paglalaro. Handa na ba kayo? Makinig mabuti sa aking sasabihin. 1.Babasahin ang mga nakasulat sa metacard na nakapaskil sa pisara. 2.Gamit ang inyong buong katawan ipakita ang ang gawain na binasa. 3. Sabihing kaya ko! Malinaw ba ang panuto? Subukin natin. Magbigay ng halimbawa. Kung malinaw na, ating gawin. Handa na ba kayo? Ating Basahin: 1.Ako ay nagwawalis sa tahanan. 2. Ako ay nagpupunas ng plato. 3. Ako ay nagtutupi ng damit. Mahusay kayo!

	aktibo at nalilinang ang pagiging matulungin ng mga mag-aaral habang sila ay tumutugon sa mga tanong.) Palakpakan ninyo ang inyong mga kamag-aral at ang inyong sarili!			Ating sabihing, **kaya kong tumulong!**
Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya	Sabihin sa mga mag-aaral: Mahalaga na matukoy natin na ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto. • Sa pagkakataong ito ay bubuo tayo ng mga pangkat. Kayo ay magpangkat ng tig-apat na miyembro. • Tignan muli ang mga meta-cards (mga epekto). Muling basahin ng sabay-sabay. • Itanong: Ano kaya ang mabuting dulot ng pagtulong mo sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? Hayaan ang mga bata na magbahagi ng kanilang mga sagot sa klase.	Sabihin sa mga mag-aaral: Mahalaga na maipapahayag ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto upang malinang ang pagiging matulungin. • Muling pumunta sa kaklase na iyong kapareha kanina. • Ibahagi ang isang mabuting epekto ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. Tumawag ng mga mag-aaral at ipahayag ang kanilang sagot sa klase. Mahusay ang inyong ipinahayag!	Sabihin sa mga mag-aaral: Mahalaga na mailalarawan ng mag-aaral ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto. Ating balikan ang kuwento. Tayo ay may gagawin. (Role play) Makinig nang mabuti. **Una**, Kumuha ng kapareha at mamili kung sino si Kara at si Mino. **Ikalawa**, mag*imagine* na kayo ay nasa loob ng tahanan. Gawin ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya na narinig sa kuwento. **Ikatlo**, sabihin sa kapareha kung ang mga ginawa ninyong pagtulong ay nagpapabigat ng gawain ng pamilya o nakapagpapagaan? **Ikaapat**, ilarawan sa kapareha ang epekto ng pagtulong sa	Sabihin sa mga mag-aaral: Ano ang ating pinakita na ating kayang gawin? Tawagin ang mga mag-aaral nais sumagot. Ngayon, ating alamin ang mga mabuting epekto ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. Natatandaan ninyo ba ang mga pinag-usapan nating mga epekto ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? Ibahagi ang mga ito sa mga kaklase. Tumawag ng mga batang nais sumagot. Mga inaasahang sagot: • Nalilinang ang pagiging matulungin • Gumagaan at napadadali ang mga

	Mahusay mga bata! Kayo ba ay masaya kapag tayo ay nagpapangkat? Palakpakan any inyong mga sarili.	Palakpakan ang inyong sarili!	mga gawain ng pamilya sa tahanan. Tumawag ng mga mag-aaral at ipahayag ang kanilang karanasan sa gawaing ito.	gawain sa loob ng tahanan • Nagiging masaya ang bawat miyembro ng pamilya Mahusay! Ating sabihing, **kaya kong tumulong!** Tandaan ito! Sabihin sa mga mag-aaral, mahalagang maisasaalang-alang natin na ang pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan ay may mabuting epekto.
Pagkatapos Ituro ang Aralin				
Paglalapat at Paglalahat	Ipakilala ang iyong sarili gamit ang gabay na mga pangungusap: Paghusayan mo. Gawin ito ng **pasalita.** Ako ay si _____, ang aking paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya ko sa tahanan ay sa pamamagitan ng _____. Tumawag ng mga ibang mag-aaral. Sabihin, mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo at nakikilala ninyo ang mga paraan ng	GAWAIN Panuto: Iguhit sa sagutang papel ang masayang mukha (☺) kung nagpapahayag ang pangungusap ng paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. Iguhit ang malungkot na mukha (☹) kung hindi. 1. Pagtutupi ng sariling damit. 2. Pag-iwan ng basura sa mesa. Itanong: 1. Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain?	GAWAIN Panuto: Pumili ng kapareha at ibahagi ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya na nagpapagaan ng mga gawain nito. Tumawag ng mga mag-aaral upang maibahagi ang kanilang sagot sa klase. Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag-aaral ang sumusunod na konsepto: **Matulungin** ay pagbibigay ng mabuting paggawa para sa kapakanan ng kapuwa. Ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan:	Ipakilala ang iyong sarili gamit ang gabay na mga pangungusap: Paghusayan mo. Gawin ito ng pasalita at gumamit ng aksyon upang maipakita ang paraan ng pagtulong sa tahanan. Ako ay si _____. Ako ay Tumutulong sa aking pamilya sa pamamagitan ng _____ (ipakita ang paraan ng pagtulong). Ang epekto ng aking pagtulong ay _____. Tumawag ng mga ibang bata. Sabihin, mahusay kayong lahat. Tama ang mga sagot ninyo at nakikilala at naipapakita ninyo

	pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. Itanong: 1. Ano ang naramdaman/damdamin mo habang ginagawa ang ating gawain? 2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain? 3. Bakit mahalagang tumulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag aaral ang sumusunod na konsepto: **Matulungin** ay pagbibigay nang mabuting paggawa para sa kapakanan ng kapuwa. Ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan: • pagwawalis ng sahig • pagpupunas na gamit • paghuhugas ng plato • pagtatapon ng basura • paglalampaso ng sahig	2. Ano-ano ang natutuhan mo sa ating gawain? 3. Bakit mahalagang tumulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan? Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag aaral ang sumusunod na konsepto: **Matulungin** ay pagbibigay ng mabuting paggawa para sa kapakanan ng kapuwa. Ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan: • pagdidilig ng halaman • pagliligpit ng gamit o laruan sa silid • pagtutupi ng damit • pagliligpit ng hinigaan • pagbantay sa mas nakababatang kapatid **Epekto** ay pagbabago na dulot ng isang pangyayari. Ang mga mabuting epekto ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan • Nalilinang ang pagiging matulungin • Gumagaan at napadadali ang mga	• pag-wawalis ng sahig • pagpupunas ng gamit • pagtatapon ng basura • paglampaso ng sahig • pagdidilig ng halaman • pagliligpit ng higaan • pagtutupi ng damit • pagpapakain sa mga alagang hayop na ginagabayan ng nakatatanda **Epekto** ay pagbabago na dulot ng isang pangyayari. Ang mga mabuting epekto ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan • Nalilinang ang pagiging matulungin • Gumagaan at napadadali ang mga gawain sa loob ng tahanan • Nagiging masaya ang bawat miyembro ng pamilya	ang mga paraan ng pagtulong sa tahanan. Tiyakin na maiisa-isa ng mga mga mag aaral ang sumusunod na konsepto: **Matulungin** ay pagbibigay ng mabuting paggawa para sa kapakanan ng kapuwa. Ang mga paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan: • pagwawalis ng sahig • pagpupunas na gamit • paghuhugas ng plato • pagtatapon ng basura • paglalampaso ng sahig • pagdidilig ng halaman • pagliligpit ng higaan **Epekto** ay pagbabago na dulot ng isang pangyayari. Ang mga mabuting epekto ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan • Nalilinang ang pagiging matulungin • Gumagaan at napadadali ang mga gawain sa loob ng tahanan • Nagiging masaya ang bawat miyembro ng pamilya

	• pagdidilig ng halaman • pagliligpit ng higaan **Epekto** ay pagbabago na dulot ng isang pangyayari. Ang mga mabuting epekto ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan • Nalilinang ang pagiging matulungin • Gumagaan at napadadali ang mga gawain sa loob ng tahanan • Nagiging masaya ang bawat miyembro ng pamilya	gawain sa loob ng tahanan • Nagiging masaya ang bawat miyembro ng pamilya		
Pagtataya ng Natutuhan	Sabihin sa mga mag-aaral: Ating gawin ang Gawain 1 Panuto: Makinig sa mga pangungusap na aking babangitin. Isulat ang tamang letra ng sagot sa iyong kuwaderno.	Sabihin sa mga mag-aaral: Sa pagkakataong ito, kayo ay tumayo kasama ang iyong kapareha. Makinig mabuti sa ating gagawin. **Una,** Ipapakita ko ang isang larawan (gamitin ang mga larawan sa Gawain 2). Tukuyin ang ang paraan ng pagtulong sa mga gawain ng pamilya sa tahanan. Sabihin ang sagot sa kapareha. **Ikalawa,** magbigay ng isang **epekto** ng pag tulong sa	Sabihin, Ating gawin ang Gawain 1 Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na babasahin. Isulat sa iyong kuwaderno ang tsek (✔) kung tama at ekis (**X**) kung mali ang pahayag. 1. Ang pag-aayos ng laruan sa silid ay nakakagaan ng gawain sa pamilya.	Sabihin, Ating gagawin ang Gawain 1. Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na babasahin ng guro. Isulat sa iyong kuwaderno ang tsek (✔) kung naipapakita mo ang halimbawa ng pagiging matulungin at ekis (**X**) kung hindi. 1. Naipapakita ko ang pagdilig ng halaman.

		pamilya. Sabihin ang sagot sa kapareha. Malinaw ba ang ating panuto? Subukin natin. Kung malinaw na, Ating gawin. Handa na ba kayo? Ipakita ang mga karagdagang larawan. Naibahagi ba ninyo ang mga sagot? Sabay-sabay ninyong sabihing, **"Ako ay matulungin"** Palakpakan ang inyong sarili.	2. Ang pagtutupi ng damit sa aking drawer ay nakakagaan ng gawain sa pamilya. 3. Ang pagdilig ng halaman ay nakakagaan ng gawain sa pamilya. 4. Ang pag-iwan ng mga plato sa mesa ay akakagaan ng gawain sa pamilya. 5. Ang pag-aayos ng hinigaan ay nakakagaan ng gawain sa pamilya.	2. Naipapakita ko ang pagayos ng anking gamit sa aking silid. 3. Naipapakita ko ang pagtupi ng aking damit. 4. Naipapakita ko ang pagalaga sa aking nakababatang kapatid. 5. Naipapakita ko ang paghugas ng plato. Sasabihin ng guro, ang pagiging matulungin ay mahalaga habang kayo ay lumalaki. Ang pagtulong sa gawain ng pamilya sa tahanan ay mahalaga dahil sa mga mabubuting epekto nito. Tumawag ng mga mag-aaral at itanong ang sumusunod: Bakit gusto mong tumulong sa gawain sa tahanan? Bakit ito mahalaga sa iyo?
Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)	Panuto: Gumuhit ng isang gawain na iyong ginagawa upang makatulong sa iyong pamilya. Gawin ito sa sagutang papel.	Panuto: Balikan ang iyong iginuhit kahapon. Kulayan ang iginuhit na gawain upang makatulong sa pamilya.	Panuto: Panuto: Makinig nang mabuti sa bawat pangungusap na babasahin. Isulat sa iyong kuwaderno ang tsek (✔) kung tama at ekis (**X**) kung mali ang pahayag.	Panuto: Ipapakita ko ang mga gawain ng pagtulong sa tahanan. Sundin ang aking ginagawa.
Mga Tala	Mga paalala: 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon	Mga paalala: 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa kakayahan ng	Mga paalala: 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa	Mga paalala: 1. Ang mga gawain ay maaaring ikontexto ayon sa

	sa kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin. 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.	mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin. 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.	kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin. 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.	kakayahan ng mag-aaral, kaangkupan ng mga kagamitang panturo, lugar at iba pang kaugnay nito. 2. Mahalagang malinang ang pagiging matulungin. 3. Ang mga pagtatasa/pagtataya ay mabisang gabay upang mapanatili ang kaangkupan ng aralin/paksa na batay sa mga kasanayang pampagkatuto, pamantayang pangnilalaman at pagganap.
Repleksiyon	Bilang guro: Natutuhan ko na _____ Nabatid/narealize ko_____ Nadama ko na_____ Nagpasya ako na ituon _____ ___	Bilang guro: Natutuhan ko na _____ Nabatid/narealize ko_____ Nadama ko na_____ Nagpasya ako na ituon _____ ___	Bilang guro: Natutuhan ko na _____ Nabatid/narealize ko_____ Nadama ko na_____ Nagpasya ako na ituon _____ ___	Bilang guro: Natutuhan ko na _____ Nabatid/narealize ko_____ Nadama ko na_____ Nagpasya ako na ituon _____ ___

Inihanda ni:

_____
Guro

Nirebyu ni:

_____
Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_____
School Head